

# CLIMATE COMPASS

ISANG PLANO PARA SA PAGPAPATUPAD NG MGA LAYUNIN SA KLIMA, KAKAYAHANG MANGALAGA, AT KATATAGAN NG ELK GROVE

**Ina-update ng Lungsod ng Elk Grove** ang 2019 Climate Action Plan (CAP) nito para magbigay ng komprehensibo at nakababagong balangkas para sa pagbawas ng epekto at pag-akma sa pagbabago ng klima habang sinusupportahan ang mga layunin ng Lungsod sa mas malawakang kakayahang mangalaga at katatagan. Ang Lungsod ay naglalayong umunlad sa paraang may kakayahang mangalaga, matatag, at patas, na gagabayan ng mga patakarang isinama sa Climate Compass.

## Ano ang Climate Compass?


Ang Climate Compass ay ang pagsisikap ng Lungsod na maging mas matapang at mas ambisyoso kaysa dati. Ito ay magsisilbing roadmap para sa pagbabawas ng mga emisyon ng lokal na greenhouse (GHG) sa iba't ibang sektor habang gumagawa ng katatagan sa mga epekto sa hinaharap na dulot ng pagbabago sa klima. Nilalayan ng Lungsod na mabuo ang Climate Compass para maging kapareho sa mga target na pagbabawas ng GHG ng Estado tulad ng target na pagka-neutral ng carbon sa buong estado, at para magsilbi bilang isang California Environmental Quality Act (CEQA)-qualified na CAP na magbibigay-daan sa ilang bagong proyekto sa pagpapaulad na magpapabilis sa mga susunod na pagsusuri sa mga emisyon ng GHG sa antas ng proyekto.

Ang mga bagong panukalang iminungkahi sa Climate Compass ay magbabawas sa mga emisyon ng GHG mula sa transportasyon, mga gusali, solidong basura, at paggamit ng lupa sa pamamagitan ng mga patakaran tulad ng pagtataguyod ng maliit na pag-unlad, pagsasa-isa ng imprastruktura ng sasakyang de-elektrisidad, pagpapabuti ng kahusayan sa enerhiya ng gusali, at pagtaas ng pagbuo ng di-nauubos na enerhiya at mga sistema ng imbakan ng baterya. Sasaklawin ng mga iminungkahing patakaran ang mga pangunahing pinagmumulan ng mga emisyon ng GHG tulad ng enerhiya sa gusali, transportasyon sa kalsada, mga sasakyan at kagamitan sa labas ng kalsada, solidong basura, tubig, maruming tubig, agrikultura, at mga operasyon ng Lungsod.

Ang mga bagong hakbang ay magpapatibay din sa kakayahan ng Lungsod na pamahalaan at maghanda para sa mga panganib sa klima tulad ng matinding lagay ng panahon, mga wildfire, pagtaas ng temperatura, pagbaha, at tagtuyot sa pamamagitan ng mga hakbang na nagpapalakas ng kritikal na imprastruktura, nagpapanumbalik ng mga natural na ecosystem, at nagpapahusay ng mga sistema ng pagtugon sa emergency. Ang mga iminungkahing patakaran ay naglalayong pahusayin ang katatagan ng Lungsod sa mga pagkagambala sa klima at suportahan ang mga komunidad na hindi naseserbisyuhan, na kadalasa'y pinaka-apektado sa mga panganib sa klima.




## 2021 Imbentaryo ng Mga Emisyon ng GHG ng Komunidad



- 56% TRANSPORTASYON SA KALSADA
- 38% ENERHIYA SA GUSALI
- 2% SOLIDONG BASURA
- 2% MGA SASAKYAN AT KAGAMITAN NA WALA SA KALSADA
- <1% PAGLILINIS NG MARUMING TUBIG
- <1% AGRIKULTURA
- <1% SUPPLY NG TUBIG

# Timeline



**Climate Compass:** Update sa Climate Action Plan ng Elk Grove  
**TAG:** Grupo ng Teknikal na Pagpapayo



## Mga Pagkakataon para sa Paglahok ng Publiko

Nakatuon ang Lungsod sa isang prosesong may pagkakabilang at nagtutulungan na aktibong kinakausap ang lahat na residente at stakeholder ng Elk Grove, partikular na sa mga komunidad na mahirap abutin, sa pamamagitan ng pagtugon sa mga karaniwang hadlang sa pakikipag-ugnayan, pagpapasadya sa mga kagamitan sa komunikasyon, at pagsisikap na bumuo ng tiwala para magkaroon ng magkakaibang pananaw. Sa susunod na 18 buwan, magkakaroon ng ilang pagkakataon para lumahok ang publiko sa proyekto, na kinabibilangan ng mga workshop ng komunidad, pop-up na kaganapan, mga Climate Ambassador, at isang Grupo ng Teknikal na Pagpapayo.

## Mga Climate Ambassador

Ang mga Climate Ambassador ay mga residente ng Elk Grove at/o mga may-ari ng negosyo na nakikipag-ugnayan sa kani-kanilang mga pamilya, kaibigan, kapitbahay, at kasamahan para magbigay ng impormasyon tungkol sa Climate Compass at magbigay ng pinagsama-samang input sa Lungsod.

## Makipag-ugnayan sa amin

Para sa mga tanong o higit pang impormasyon, mangyaring mag-email sa [climate@elkgrovecity.org](mailto:climate@elkgrovecity.org)



## Manatiling Napapanahon

Para manatiling napapanahon, makatangap ng mga abiso ng paparating na mga pagkakataon sa pakikipag-ugnayan, o mag-sign up para sa mga update, pakibisita ang [elkgrovecity.org/cap](http://elkgrovecity.org/cap) o i-scan ang QR code sa kanan.

